# "Ipinapanumpa ko sa Allah" Narinig moba ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa sinasabi nya:(( Tumugon ka para sa akin, O Allah! tulungan mo siya sa pamamagitan ng Banal na Kaluluwa [Anghel Jibril]" Nagsabi siya: O Allah,Oo

Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-,Na si Umar,ay dumaan kay Hassan-malugod si Allah sa kanila-habang siya ay umaawit ng Tula sa loob ng Masjid,kaya napansin niya ito, Nagsabi siya: Tunay na ako ay umaawit, at dito ay may higit na mabuti pa sa iyo,Pagkatapos ay lumingon siya kay Abe Hurayrah,Nagsabi siya:"Ipinapanumpa ko sa Allah" Narinig moba ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa sinasabi nya:(( Tumugon ka para sa akin, O Allah! tulungan mo siya sa pamamagitan ng Banal na Kaluluwa [Anghel Jibril]" Nagsabi siya: O Allah,Oo.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang kahulugan ng Hadith:Tunay na si Hassan-malugod si Allah sa kanya-ay umaawit ng Tula sa loob ng Masjid,Habang si `Umar ay nandoon,kaya tiningnan siya ni `Umar na may pagtangging pagtingin,At nang makita ni Hassan ito sa kanya,Nagsabi siya sa kanya:Ako ay umaawit ng Tula sa loob ng Masjid at dito ay may higit na mabuti pa sa iyo.Pagkatapos ay "Pinagsaksihan siya ni Abe Hurayrah"ibig sabihin ay: tinanong niya ito sa pagganap ng Pagsasaksi na nalalaman niya mula sa mga Awit ni sa Tula,sa loob ng Masjid,sa pamamalagi ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,at ang pagsang-ayon ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa kanya rito,at paghihimuk niya sa kanya sa pag-awit ng Tula,Nagsabi siya: "Ipinapanumpa ko sa Allah" ibig sabihin ay:Ipinapanalangin kita sa Allah at ipinapanumpa kita sa kanya" Naringig moba ang sinasabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: O Hassan!Tumugon ka sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-" ibig sabihin ay: Sagutin mo ang mga Tula ng mga walang pananampalataya gamit ang mga Tula mo,at salakayin mo sila rito bilang pagtatanggol sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At pagpatagumpay sa Relihiyon niya,at narinig moba ang sinabi niya: O Allah! tulungan mo siya sa pamamagitan ng Banal na Kaluluwa [Anghel Jibril]"Ibig sabihin ay: Palakasin mo siya sa pamamagitan ni Anghel Jibril,at tulungan Mo siya sa kanya,ipatnubay mo sa kanya ang Tula na tatama sa mga kalaban ng Islam tulad ng pagtama ng palaso? Nagsabi si Abu Hurayrah:" Oo"ibig sabihin ay:Narinig kita na umaawit ng Tula sa harapan niya sa loob ng Masjid,At narinig korin na sinasabi niyang ganoon.